## SI TANGE

Soliman A. Santos

Pinaghahanap daw ng mga pulis si Tange. Ilang araw nang pabalik-balik ang mga alagad ng batas sa bahay nito pero hindi ito mataymingan.

Nakakapagtaka naman, kasi noong isang gabi lang ay nakita ko pang nakatambay si Tange sa tindahan ni Nanang Aning. Masayang nagkukuwento sa harap ng aming mga kababaryo tulad ng inaasahan sa kanya.

Narinig ko lang na pinagkukuwentuhan nila Inang isang umaga na, 'yun nga, pinaghahanap siya ng mga pulis. Baka raw adik, sabi ng isang kapitbahay. Pero alam ng lahat na hindi iyon totoo. Hindi adik si Tange. Alam naman ng mga tao kung sinu-sino ang gumagamit ng droga sa baryo. Walang nalilihim sa baryo dahil alam namin ang likaw ng bituka ng bawat isa. Kahit pa nga may mga dayo na sa aming lugar, magkakakilala pa rin kami kahit papaano. Saka maliit lang naman ang Patining kaya nagkikita-kita ang mga tao.

Bahagi ang Patining ng Brgy. Sagrada Familia, ang Kristyanong pangalan ng lugar na ito sa katimugang bahagi ng Hagunoy. Isang mahabang kalsada, sa tabi ng ilog ang kabuuan ng Sagrada, na ayon sa matatanda ay dating daang kalabaw. Sa magkabilang gilid ng kalsadang ito nagtirik ng mga bahay ang mga naunang nanirahan sa lugar. Sa isang panig ay ang mga bahay na nasa pagitan ng kalsada at ilog. Sa kabilang ibayo ng ilog ay mga palaisdaan. Sa isang panig naman ay mga kabahayang dati'y mga palayan ang malalawak na likuran. Noon iyon. Noong hindi pa madalas na binabaha ang Patining ng tubig na mula sa dagat. Bumabaha naman talaga dito dahil dito bumababa ang tubig mula sa bulubunduking lugar ng Bulacan at katabing probinsya nitong Pampanga. O kaya'y kapag nagpapakawala ng tubig mula sa Angat Dam. Pero habang lumalao'y dumalas ito nang dumalas hanggang naksanayan na ng mga tao. Isinisisi ng marami sa climate change. Tumataas ang tubig sa dagat kaya kahit na high tide lang ay sumasampa na sa kalsada at mga kabahayan ang tubig mula sa ilog. Ang sabi naman ng iba, dahil daw sa land reclamation na ginawa at ginagawa pa ng malalaking korporasyon para gawing mall sa iba't ibang bayan at lungsod sa

paligid ng Manila Bay. At ngayo'y may binabalak pang itayong airport sa bandang Bulakan, Bulacan na nagsisimula na ring tambakan ang bahaging iyon ng dagat.

Simula nang ipatupad ang Oplan Tokhang sa Patining ay nagbahay-bahay na ang mga pulis sa amin kasama ng mga barangay tanod para pasukuin ang inaakala nilang mga adik. Tila naging normal na ang ganoong tagpo nang magsimula ang War Against Drug ng Pangulo.

Nagdulot ng takot sa mga tao ang ginagawang iyon ng mga pulis lalo na't kabi-kabila ang patayan sa iba't ibang panig ng bansa. Nakarating na sa liblib na baryong ito ng Patining ang lagim ng tokhang. Katunayan ay ilan na ang nasampolan ng walang habas na pamamaslang. Dahil doon kaya marami na rin ang napilitang sumuko sa barangay at sa munisipyo kahit pa kahiya-hiya ang ganoong kalagayan.

Noong unang araw ng pag-upo ng bagong Pangulo ng bansa, kauna-unahang natokhang sa aming probinsya ang isang pinsan ni Tange na pinaniniwalaang drug dealer na tauhan ng isang retiradong koronel, na siyang operator ng droga sa probinsya at siya rin umanong nagdadala ng pera sa gobernador. Kalat na kalat naman ang tsismis na iyon. Pero walang nangangahas na pag-usapan ito sa publiko. Walang nagrereklamo.

Nag-iba ang timpla ng politika nang maupo ang bagong Pangulo. Hindi malaman ng ilang politiko kung saan sila pupuwesto. Ano kayang gagawin ng Pangulo sa mga nasa puwesto pero sangkot sa ipinagbabawal na gamot? Matitigil ba talaga ang talamak na paglaganap ng droga gayong mahabang panahon na itong umiiral?

Kaya ang palagay ng marami, itinumba ang pinsan ni Tange ng mga politikong sangkot sa droga bago pa umabot sa kanila ang panonokhang. Dahil marami sa kanila ang sangkot sa negosyo ng pagdodroga, nagkakapraningan na rin sila. Hindi malaman kung sino ang kakampi at kung sino ang kaaway. Sa wika ni Tange, sila-sila na ang nagkakagatan.

Maliban sa pagiging pinsan, matalik na kaibigan rin ni Tange si Lupin, ang unang biktima ng tokhang sa Patining. Magkaedad

sila kaya magkasabay silang nag-aral mula elementarya hanggang hayskul. Sila rin ang magkalaro noon. Magkasamang naliligo sa ilog, namumulot ng palay at naglalaro sa dayami pagkatapos ng anihan.

Hanggang sa pagbibinata, magkasama sila sa pangangapa sa mga ilog at sapa. Karaniwan sa mga bata sa amin ang sumamang mangapa sa kanilang mga kamag-anak. Itong pangangapa – panghuhuli ng isda sa pamamagitan ng mga kamay – ang isa marahil sa pinakasinauna at pinakakaraniwang paraan ng pangingisda sa Patining, at marahil sa ibang lugar sa bayan ng Hagunoy. Simple lang ang dahilan, walang gastos. Hindi kailangan ng ibang gamit sa pangingisda tulad ng bangka, bintol, bingwit, sakag, bukatot, siid, at iba pa. Kamay lang talaga at salok na sisidlan ng mahuhuling lamang-dagat. Kailangan lang taymingan ang pagkati o pagliit ng tubig sa ilog para madaling mahuli ang mga isda at iba pang puwedeng makain o maibenta tulad ng alimango, hipon, talangka o alimasag. Ganoon talaga ang ginagawa ng mga taga-Patining para magkaulam dahil sagana naman talaga sa kabuhayan ang ilog at mga sapa. Ika nga'y hindi ka naman magugutom kung ika'y magsisipag lamang. Tiyak na may mahuhuling pang-ulam at kung susuwertehin, may maibebenta pa para pambili ng bigas at panggastos sa bahay.

At kahit noon pang mga bata sila, lumalabas na ang pagiging pilyo ni Tange. Pilyo at pilosopo – makaros sa wika ng mga taga-Patining. Minsan isang umaga'y pinatawid sila ng kanilang mga magulang sa ibayo, ibig sabihi'y sa kabilang pampang ng ilog, para manguha ng ulam. Apat silang magkakapatid na lalaki. Pang-apat si Tange bago ang bunsong babae. Pagbalik nila sa bahay bago mananghali, iniisa-isang tingnan ng kanilang ama ang dala-dala nilang salok para malaman kung ano ang kanilang mga nahuli. Lahat ng kapatid ni Tange ay nagmamalaking ibinuhos sa batya ang kanilang mga nahuli; may hipon, alimango, talangka, ayungin, tilapia at iba pa. Itong si Tange ay sadyang nagpahuli sa pagbuhos ng kanyang nahuli. At talagang kumalansing ang batya nang ibinuhos niya ang mga susong palipit na kanyang nahuli. Nagtanong ang ama kung iyon ba lamang ng kanyang nahuli? Ang sagot naman ni Tange ay "Opo, Amang. E, bakit, ang kagandahan niyan ay matagal ang buhay ng suso. Pwedeng hanggang bukas o makalawa ay may ulam pa tayo!" Napailing ang kanyang ama dahil alam naman nilang lahat na mga susong palipit ang kanyang hinuli dahil iyon ang pinakamadaling hulihin.

Magkasama sa paglalaro ng basketbol, na isa sa mga pinakapaboritong libangan ng mga kabataang lalaki sa Patining, bukod sa paliligo sa ilog. Magkasama sa panliligaw hanggang sa matuto sila ng paninigarilyo at pag-inom ng alak. Magkasama sa halos lahat. Si Lupin nga ang itinuturong nagbansag kay Tange ng pangalang Tange mula sa isang sikat na komedyante noong kabataan nila. Kumapit kay Tange, na Nicanor ang totoong pangalan, dahil bagay na bagay ito sa mapagpatawa niyang katangian.

Nagkahiwalay lamang sila nang magkolehiyo ang kanyang pinsan sa kapitolyo. Nangupahan malapit sa pinapasukang unibersidad kaya madalang na ring mauwi sa Patining. At kapag ito nama'y nauwi tiyak na si Tange ang una nitong hinahanap. Nag-iinuman sila at makikitang naghahagalpakan sa kakatawa, tulad ng dati.

Kaya nalungkot nang husto si Tange nang dumating sa kanya ang balitang patay na ang minamahal na pinsan. Natagpuan na lamang daw itong patay sa isang liblib na lugar sa kabilang bayan. Nakahubad, may pakete ng shabu sa mga bulsa at may paltik na baril sa isang kamay. Patunay na nanlaban.

Kung kilala ng mga tao si Tange bilang napakamasayahing tao, mapagbiro at tila laging nakatawa, naging matamlay si Tange sa lamay at libing nito at kahit ilang linggo na ang nakalipas. Hindi muna ito nakita sa mga umpukan sa mga tindahan o maging sa basketbolan. Walang Tange na nagpapatawa sa mga tao.

Hindi naman nakapagtapos ng pag-aaral ang pinsan ni Tange pero hindi na rin ito umuwi sa Patining. Paminsan-minsan na lamang at kadalasan pa'y palihim. Natuto umano itong mag-shabu hanggang nagtulak at tuluyan nang namalagi sa kapitolyo. Doon na nito nakilala ang naging boss na koronel na drug dealer pala.

Pero hindi naging adik si Tange kaya mas nakakatakot. Natatakot siyang gamitin ng mga pulis ang Oplan Tokhang kung anuman ang balak ng mga ito sa kanya. Puwede siyang taniman ng shabu bilang ebidensiya. Puwede siyang hulihin at ikulong o kaya'y taniman ng baril at patayin tulad ng maraming nauna na pawang mga umano'y nanlaban. Pagkatapos noon ay wala nang magtatanong. Tila nga namanhid na ang mga tao sa pamamaslang. Na animo'y normal na

sa mga balita sa umaga ang mga pagpatay dahil sa tokhang. Katwiran ng marami'y hayaan na't mga adik naman.

Ang problema nga ay ginagamit na rin ng administrasyon ang tokhang sa mga kritiko nito. Hindi ba't ilang mga kritiko na, dilawan man o kaliwa, ang naipaaresto at naipakulong dahil sa mga itinanim na ebidensiya. O kaya'y mga pekeng balita para sirain ang kredibilidad ng mga kritikong ito at nang hindi na gayahin pa ng ibang tao.

Ang talaga raw dahilan kung bakit tinutugis ng mga pulis si Tange ay dahil utos ng gobernador na taga-Patining rin. Noon daw kasing magsalita sa graduation ng hayskul sa bayan ang gobernador, nagkataon namang naroon din si Tange. Nakipagkuwentuhan pa umano ang gobernador sa umpukan ng mga magulang at nakipag-selfie pa kasama ang mga estudyanteng nagtapos pagkatapos ang isang oras na pagsasalita nito bilang panauhing pandangal. Nang matapat kay Tange, biniro daw nito ang gobernador. Hindi nakapagpigil sa gusto niyang sabihin kahit na alam naman ito ng lahat. Siguro'y dahil na rin dinaramdam pa rin niya ang nangyari sa kanyang pinsan. Narinig ng gobernadora ang pasaring ni Tange na kung ano-ano raw ang sinasabi ng gobernador tungkol sa droga e gayong isa ito sa mga nakikinabang dito.

"Gob, baka ikaw na ang susunod!" sigaw daw ni Tange habang nasa umpukan ng mga tao. Iyon ang hindi nagustuhan ng gobernador. Kilala ng gobernador si Tange. Alam niya ang ugali nito at kung ano ang mga ginagawa nito dahil nga sila'y magkababaryo.

Kunwaring hindi narinig ni Gob ang pasaring, tuluy-tuloy sa pakikitalamitam sa mga tao. Kinamayan pa si Tange pero binigyan ng nakakapasong titig at saka nginitian si Tange. Ngumiti-ngiti din si Tange pabalik sa gobernador. Ngiting kinakabahan. Ngiting may kahalong takot.

Pag-alis ng gobernador, nagsalita si Tange na tila nagpapalakas ng loob.

"Hindi ako natatakot sa iyo, Gob. Ha! Alam naman ng mga tao ang totoo. Alam naman ng mga tao na kumukubra ka rin sa droga!" Pinigilan na lamang siya ng mga taong nakapaligid sa kanya. At pinayapa ng mga barangay tanod.

Nang gabing iyon, may nagsimula nang rumondang patrol ng pulis sa Patining at sa tingin ng iba, tinatarget na ang bahay ni Tange. Pero hindi nga nila ito matagpuan lalo na kung gabi. Lumalabas lamang si Tange kapag araw at maraming tao.

Si Tange ang kumbaga'y pambansang payaso ng baryo Patining. Kung gusto mong tumawa nang walang humpay, tumambay ka lamang kung saan siya naroon at tiyak na hahagalpak ka sa katatawa. Madali lang siyang hanapin. Kung saan nagkakatumpukan ang mga tambay sa umaga man o sa hapon, sa basketbolan man o sa kung kaninong tindahan, basta nagkakasiyahan malamang na nandoon siya.

Hindi na rin nakapag-asawa si Tange. Ang katwiran niya kapag may nagtatanong ay hindi mo naman kaanu-ano ay iyong pakakainin. Matagal na ring namatay ang kanyang mga magulang. Ang mga kapatid naman niya'y may mga asawa na kaya siya na lamang ang naiwan sa matandang bahay na sa kanya na hinayaan ng kanyang mga kapatid na pulos may mga sariling pamilya na at sa Maynila na nakatira. Dumadalaw-dalaw na lamang ang mga ito sa matandang bahay kung may okasyon tulad ng pista, mahal na araw at undas para dalawin ang puntod ng kanilang mga magulang.

Walang regular na hanapbuhay si Tange. Katwiran niya, wala naman siyang pakakainin kaya hindi na niya kailangang regular na kumayod. Mag-isa lang siya sa bahay. Kadalasan pa nga'y hindi siya napipirmi sa bahay dahil mas gusto niya sa labas. Nagpapahangin sa tabing ilog o kaya'y nasa kalsada't nakikipagkuwentuhan. Gusto niyang may nakakausap dahil nabuburyong siya sa loob ng kanyang munting tahanan.

Hindi rin mahilig uminom ng alak si Tange. Umiinom pero hindi nagpapakalasing. Hindi rin siya gumagastos sa inuman. Niyayaya siyang uminom ng mga lasenggo basta sagot niya ang kuwentuhan. Tumatagal pa nga inuman dahil laging natetengga ang ikot ng tagay kapag si Tange na ang iinom. Mas marami siyang naikukuwento kesa sa kanyang naitatagay. Lasing nang lahat ang kanyang kainuman pero naroon siya't bigay na bigay pa rin sa pagpapatawa.

Nabubuhay siya sa pangingisda. Sumasama sa pamamalakaya sa dagat, o kaya'y sumasama sa paghuli ng palaisdaan

o pagtatambak ng pilapil. Nangangapa rin siya sa ilog para may maibenta at magkapera at magkaulam na rin. Paekstra-ekstra rin sa pagpipiyon. Minsa'y umeekstra rin sa pagmamaneho ng traysikel. Hindi tamad na tao si Tange. Hindi rin maselan sa gawain. Hindi raw niya kailangang kumayod nang sobra-sobra dahil wala na man siyang pinakakain. Sapat na sa kanya ang may sariling bahay, may naisusuot at may nakakain.

Mapagpatawa si Tange. Masiste. Pero ang hinihintay ng kanyang mga tagapakinig ay ang patama niya sa mga kinauukulan. Pinatatamaan niya ang lahat sa kanyang patawa.

Kung karaniwang tao ang paksa ng kanyang mga kuwento, diretsahang pagpapatawa na may kasamang puna ang kanyang ginagawa. Halimbawa'y ang di paliligo ni ganito o ganyan. Ginagawa niya iyong katatawanan.

O ang pagiging mayabang ng ilang kababaryo na pulos hindi naman umano totoo ang ipinagyayabang. Pinunupuna niya rin ang mga sobrang lasenggo lalo na yung hindi nagtatrabaho.
Pinupuna niya rin ang mga may tindahang sobrang magpatubo, na ayon sa kanya ay silang mahihirap pa ang pinagtutubuan.

Minsan ay nakatuwaan niya ang mga taga-kalapit probinsya na dumadayo para magtinda ng mga poon na gawa sa kahoy. Mga Santo Niñong binihisan ng pambasketbol, may pangsundalo, may nakaunipormeng pangtitser, at iba pa. Ani Tange sa mga ito, kaya raw pumutok ang bulkan sa kanilang lalawigan ay dahil pati poon ay pinagkakakitaan ng mga ito. Hagalpakan ng tawa ang mga nakarinig sa kanya maliban sa mga taga-kalapit na probinsya. Mula noon ay hindi na yata nagbalik pa sa Patining ang grupong iyon para magbenta ng pahulugan.

Ginagawa ring katatawanan ni Tange ang mga propitaryo na ayon sa kanya ay akala mo kung sino. Na pumupunta lamang ang mga ito sa palaisdaan para pagalitan ang bantay at kumain ng matatabang alimango o hipon. Pagkatapos ay aalis na muli. Ang kawawang bantay ang naiiwan sa pangangalaga ng palaisdaan mula simula hanggang sa anihin ito. Pero sa bandang huli, mas malaki ang nakukuhang parte sa kinita ang propitaryo habang kakarampot ang nakukuha ng bantay-palaisdaan. Sabi naman ni Tange, iyon daw ang dahilan kung bakit may mga pagkakataong nanghuhuli rin ng alimango at hipon

ang bantay para ibenta o kaya'y kainin sa kubo na hindi alam ng propitaryo. "Ang lagay ay siya lang ang kakain ng masarap."

Pinalalampas na lamang ng mga tao ang kanyang biro pero ang nagtatanim sa kanya ng galit ay iyon ngang mga propitaryo, tao sa gobyerno, at iba pang taong nanggugulang sa kapwa.

Pero ngayon lang nangyari na may nagbabanta na sa buhay ni Tange. Malamang na may katotohanan nga ang kutob ng mga tao tungkol sa gobernador. Kung hindi ay baka pinalampas na lamang nito ang pasaring ng kanyang kababaryo.

Ilang linggo na ang lumipas pero hindi pa rin nahuhuli ng mga pulis si Tange. Ang bilin ng mga ito sa mga kapitbahay ni Tange, pakisabi raw na iimbitahan lamang siya sa presinto para tanungin. Hindi naman naniniwala ang mga tao. Alam nilang iba ang pakay ng mga sugo ng gobernador.

Umabot na sa pagkainis ang mga pulis. May panahong nagrereport sa kanila na naroon si Tange sa bahay nito pero wala silang inaabutan pagdating doon. May nagti-tip rin na nasa basketbolan lamang ito at nanonood ng mga naglalaro pero hindi rin matagpuan. May nagsabing nasa ganitong sugalan at nagmimiron pero wala rin kapag kanilang pinuntahan.

Walang makita ang mga pulis. Wala silang maabutan kundi ang hagikgikan ng mga tao kapag tumalikod na sila para bumalik sa presinto.

**POETIKA**

Kuwento sa tradisyon ng pusong ang "Tange". Sa Pilipinas, pinakakilala marahil na pusong si Pilandok. Marami nang mga pag-aaral at muling pagsasalysay ang nagawa ng mga iskolar at manunulat tungkol sa kanya. Nariyan, halimbawa ang serye ng mga kuwentong pambata ni Virgilio S. Almario. Sa mga kuwento ito, ipinakikita ang pagiging tuso ni Pilandok. Karaniwan, ginagamit niya ang katusuhang ito laban sa mga nasa kapangyarihan, e.g., mga datu at prinsipe. Gumagamit ng siste o wit si Pilandok para maisahan niya ang mga nasa kapangyarihan. Napapaniwala niya na isang gintong gong ang isang bahay o pugad ng pukyutan para ipagpalit ng isang supot ng ginto. May ganito ring kuwento tungkol kay Juan Pusong na nakumbinsi ang isang hari na palitan ng ginto ang kanyang ibong nagsasalita, na sa katotohanan ay isang tumpok pala ng taeng kalabaw na tinakpan ng tela. Mahaba pa ang listhan.

Dapat isaalang-alang na ang mga kuwentong ito ay nagmula pa sa oral na tradisyon ng mga Pilipino at patuloy na sumasabay sap ag-usad ng panahon. Sa Hagonoy, Bulacan, may isang lalaki na kung tawagin ay Tana, isa siyang masisteng tao na ginagawang katatawanan ang mga nasa kapangyarihan. Bukod sa kanya, may isa ring kilala sa pangalang Tanto na ganito rin ang katangian. Narinig ko na lamang ang kuwento tungkol sa kanilang dalawa noong ako ay bata pa. Lagi silang nababanggit sa mga kuwentuhan lalo kung nagkakatuwaan o/at nag-iinuman ang mga tao.

Sa aking kuwento, si Tange ang Pilandok, ang Pusong, ang Tana at Tanto. Nais kong ipakita sa akda kung paano nag-ooperate ang 'pusong' o trickster sa panahon ng karahasang dulot ng war on drugs ni Duterte. Inilalantad nito ang paggamit sa 'digmaang' ito bilang kasangkapang pang-estado para mapatahimik ang mga kritiko ng gobyerno. Isinisiwalat ni Tange, ang pangunahing tauhan sa kuwento, ang matagal nang alam ng mga tao tungkol sa Oplan Tokhang. Na hindi naman nito nasusugpo ang paglaganap ng droga kundi napupunta lamang sa kamay ng iilang tao. Tandaan na ipinagako ni Duterte na wawakasan niya ang problema sa droga sa loob lamang ng anim na buwan subalit hindi naman ito nangyari. Wala naman talagang 'malalaking isda' na naparusahan sa panahong ito. Na nagreresulta ito ng walang saysay na kamatayan, gaya na lamang ng batang si Kian. Nasa alaala pa marahil ng mga tao ang araw-araw na patayan, lalo na noong unang mga taon ng panunugkulan ni Duterte. Ang malahayop na pagtrato sa bangkay ng mga pinagbibintangang adik. Dahil sa dalas ay naging karaniwan na ito at tila naging katanggap-tanggap na sa

mga tao. Na ginagamit na alibi ito ng mga nasa kapangyarihan para supilin ang mamamayan at mga kilalang kritiko tulad na lamang ni Sen. Leila de Lima.

Si Tange ang karaniwang tao na nagmamasid sa parada ng mga nasa kapangyarihan at naglalantad ng kanilang mga tiwaling gawain. Si Tange ang kumakalaban sa buktot na konsepto ng lingkod bayan na sa totoo'y mga trapo o traditional politician. Si Tange ang pusong na nanglalansi sa mga politiko, ang nagsusubvert sa kapangyarihan, subalit hindi mahuli-huli dahil kinakandili siya ng mga mamamayan.